



Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle Pormularyo ng Reklamo sa Diskriminasyon

Ang patakaran ng SPS ay nagbabawal ng diskriminasyon batay sa kasarian, lahi, pananampalataya; kulay; relihiyon; angkan; pinanggalingan; edad; katayuan sa buhay; sekswal na kinalakihan; kasama ang kasariang pananalita o pagkakakilanlan; pagbubuntis; kalagayang matrimonyal; pisikal na kaanyuan; pagkakaroon ng anumang kapansanan sa pakiramdam, mental o pisikal; pagkatiwalag na may karangalan na beterano o militar na katayuan; o sa paggamit ng sinanay na giyang aso o serbisyong hayop.

Ano ang diskriminasyon? Ang diskriminasyon ay di makatarungan o labag sa batas na pagtrato sa isang tao o grupo dahil sa sila ay kabilang sa isang tukoy na grupo, kilala bilang isang protektadong uri. Ang diskriminasyon ay maaaring kabilangan ng pagtrato sa isang tao ng kaiba o pagkakait sa isang tao na makagamit ng isang programa, serbisyo, o aktibidad dahil sa sila ay kabilang sa isang protektadong uri, o pagkabigo na matulungan ang isang may kapansanang tao. Ang panliligalig na may diskriminasyon ay pasalita o pisikal na panliligalig batay sa protektadong uri.

Ano ang protektadong uri? Ang protektadong uri ay isang grupo ng tao na may parehong pangkaraniwang mga katangian at protektado sa diskriminasyon at panliligalig ng mga batas pederal, estado o lokal. Ang mga protektadong uri sa Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle ay iyong mga grupo na tinutukoy sa Walang Diskriminasyon na Pahayag na nasa itaas, tulad na kasarian, lipi, atbp.

Paano ako magsasampa ng reklamo tungkol sa diskriminasyon? Kung kayo ay naniniwala na kayo o ang inyong mag-aaral ay nakaranas ng diskriminasyon o panliligalig na may diskriminasyon sa paaralan, mayroon kayong karapatan na magsampa ng pormal na reklamo. Samantalang ang pormularyong ito ay hindi kailangan, lahat ng pormal na reklamo ay kailangang: (a) nakasulat, (b) pirmado ng nagreklamo, at (k) nakasaad ang partikular na mga aksiyon, mga kondisyon, o mga pangyayari na sinasabing nangyari na bumubuo ng diskriminasyon.

Bago magsampa ng reklamo, baka gusto ninyong makipag-usap sa punong-guro ng inyong anak o Ombudperson ng Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle sa (206) 252-0529.

Saan magsasampa ng mga reklamo? Para sa mga mag-aaral, mga magulang/tagapag-alaga, at miyembro ng publiko, ang mga katanungan at/o mga reklamo ng sinasabing diskriminasyon, kasama ang sekswal na panliligalig, ay kailangang nakadirekta sa: Tanggapan ng Karapatang Sibil ng Mag-aaral, Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle, MS 32-149, P.O. Box 34165, Seattle, WA 98124-1166; email: oscr@seattleschools.org, o telepono 206-252-0306.

Para sa mga katanungan ng mga kawani tungkol sa o pakiusap at/o mga reklamo ng sinasabing diskriminasyon, kasama ang sekswal na panliligalig, kailangang nakadirekta sa Katulong na Superintendente ng Human Resources, Seattle Public Schools, Mailstop 33-157, P.O. Box 34165, Seattle, WA 98124-1166; email: hreeoc@seattleschools.org; o telepono 206-252-0024.

Ang akin bang reklamo ay mananatiling lihim? Ang pagpapanatili ng lihim ay hindi magagarantiyahan. Malimit nating kailangang ibunyag ang katauhan ng nagreklamo at/ o mag-aaral upang imbestigahan ang sinasabing mga reklamo. Susubukin namin na pamalagiin hangga't maaari ang pagpapanatili ng lihim ng lahat na ibinigay na impormasyon sa pamamagitan ng pagbabahagi ng impormasyon duon lamang sa mga taong ipinalalagay na mahalaga sa imbestigasyon at pagsasaayos ng inyong reklamo. Ang mga kinakailangan sa karapatan na maipagtanggol ang sarili para sa (mga) taong inireklamo ay maaaring kailanganin din ang pagpapalabas ng distrito ng impormasyon tungkol sa reklamo sa inakusahan. Samakatwid, ang pakiusap na ang inakusahan ay hindi bigyan ng impormasyon ng reklamo ay maaaring makahadlang sa ating kakayahan na tumugon, mag-imbestiga at lutasin ang inyong inaalaala na pormal na reklamo. Ang mga reklamo na walang lagda ay tatrathin na walang pormalidad na reklamo sa ilalim ng patakaran ng reklamo sa diskriminasyon ng Distrito.

Ang pagganti ba ay ipinagbabawal? Oo. Ito ay parehong labag sa batas at salungat sa patakaran ng Distrito para sa kaninuman na gantihan ka sa pagsampa ng inyong reklamo. Ang Distrito ay ipatutupad ng buo ang mga tadhana ng laban sa pagganti upang mabigyan ng proteksiyon ang mga nagreklamo at mga testigo.

MGA DAPAT GAWIN:

Magbigay lamang ng isang pirmado, nakasulat na pahayag tungkol sa inyong reklamo o kumpletuhin ang pormularyong ito. Maging tiyak hangga't maaari kapag iniuulat ang pangyayari. Isama ang (mga) petsa, ang (mga) pangyayaring naganap, ang (mga) pangalan ng (mga) taong sangkot, at ang (mga) pangalan ng mga maaaring nakasaksi sa mga pangyayari. Ang inyong reklamo ay hindi limitado sa ibinigay na espasyo. Hinihimok kayong magsama ng karagdagang mga materyales, na maaaring makatulong sa proseso ng imbestigasyon.

Ipadala ang mga reklamo sa: Punong-guro ng inyong Paaralan, o Email sa: OSCR@seattleschools.org o Dalhin ng personal sa : Seattle Public Schools, 2445 3rd Ave. S, Seattle, WA 98134 **o Maghulog ng sulat sa:** Tanggapan ng Karapatang Sibil ng Mag-aaral, MS 32-149; P.O. Box 34165, Seattle, WA 98124-1165.

I. Personal na Impormasyon (PAKI LIMBAG):

Inyong Pangalan: _____

Numero ng Telepono: (Bahay) _____ (Trabaho/Cell) _____

E-mail: _____

Tirahan: _____
Kalye Lungsod Sipkod

() Empleyado () Mag-aaral

() Magulang/Tagapag-alaga para kay

mag-aaral () Ibang May Edad

II. Uri ng Reklamo (Paki markahan ang lahat ng nauukol):

() Diskriminasyon batay sa:

() Kasarian () Sekswal na panliligalig, kasama ang sekswal na pagsalakay () Ibang uri ng panliligalig

() Lahi () Kulay () Relihiyon () Bayang Pinagmulan () Kapansanan

() Ekonomikong Kalagayan () Kasarian () Sekswal na Pinagmulan () Kasariang pagkakakilalan

() Pagbubuntis () Matrimonyal na Kalagayan () Kalagayang Pisikal () Paggamit ng Serbisyong Hayop

() Edad () Kalagayang Beterano () Angkang Pinagmulan

() Pagganti

III. Petsa ng sinasabing nangyari ang Diskriminasyon/Panliligalig/Pagsalakay/Pagganti:

Pinaka maaga _____

Pinakahuli _____ o () Patuloy na nangyayari

IV. (Mga) tao na sinasabing gumagawa ng diskriminasyon/nangliligalig/nananalakay/gumaganti/

(Paki sama ang karagdagang mga pangalan kung kailangan.)

Pangalan: _____

Paaralan/Departamento: _____

Pangalan: _____

Paaralan/Departamento: _____

Pangalan: _____

Paaralan/Departamento: _____

VI. Paki tukoy ang lahat ng kawani ng Pangasiwaan ng Distrito, tulad ng Punong-guro o Katulong na Punong-guro, na inulatan mo ng inyong mga pag-aalala:

Nag-ulat kay (Pangalan): _____ Petsa: _____

Ilarawan kung paano ang mga pag-alala ay iniulat:

Mga Resulta:

Nag-ulat kay (Pangalan): _____ Petsa: _____

Ilarawan kung paano ang mga pag-alala ay iniulat:

Mga Resulta:

Nag-ulat kay (Pangalan): _____ Petsa: _____

Ilarawan kung paano ang mga pag-alala ay iniulat:

Mga Resulta:

VII. Ang (mga) tao na may nalalaman sa mga pangyayari na inilarawan sa Seksiyon V:

(Ang mga taong ito ay alinman sa nakakita ng (mga) pangyayari o may nalalaman sa nangyari. Pakisama ang karagdagang mga pangalan kung kailangan.)

Pangalan: _____ Relasyon sa iyo _____
iba, mag-aaral, guro, kasamahan, atbp.

Numero ng Telepono: _____ E-mail: _____

Pangalan: _____ Relasyon sa iyo _____
iba, mag-aaral, guro, kasamahan, atbp.

Numero ng Telepono: _____ E-mail: _____

Pangalan: _____ Relasyon sa iyo _____
iba, mag-aaral, guro, kasamahan, atbp.

Numero ng Telepono: _____ E-mail: _____

Ibang Impormasyon

Ang Tanggapan ng Karapatang Sibil ng Mag-aaral o isang imbestigador na kinuha nila ay gagawa ng imbestigasyon sa mga pangyayari na kinapapalooban ng inyong reklamo, at kakapanayamin kayo at ang (mga) tao na iyong tinukoy sa inyong reklamo, upang pagsikapan na magkaroon ng kapasiyahan. Ang distrito, sa kanyang pagpapasiya, ay maaaring makipag-alam sa iba sa kanyang pag-iimbestiga.

Ang pagpapanatili ng lihim ay hindi magagarantiyahan. Susubukin namin na pamalagiin hangga't maaari ang pagpapanatili ng lihim ng lahat na ibinigay na impormasyon sa pamamagitan ng pagbabahagi ng impormasyon duon lamang sa mga taong ipinapalagay na mahalaga sa imbestigasyon at pagsasa-ayos ng inyong reklamo. Ang mga kinakailangan sa karapatan na maipagtanggol ang sarili sa (mga) taong inereklamado ay maaaring kailanganin din ang pagpapalabas ng Distrito ng impormasyon tungkol sa reklamo sa inakusahan. Ang pakiusap na ang iyong pagkakakilanlan ay manatiling lihim sa inakusahan ay maaaring makahadlang sa Distrito na makagawa ng epektibong imbestigasyon at makaapekto sa kakayahan na malutas ang reklamo sa inyong kasiyahan dahil sa mga pagtatakda na nakapatong sa imbestigasyon ng ganoong pakiusap.

Parehong labag sa batas at salungat sa patakaran ng Distrito para sa kaninuman na gantihan ka sa pagsampa ng inyong reklamo o gumanti laban sa mga tao na sumali sa imbestigasyon. Makipag-ugnay sa Punong-guro ng Paaralan o sa Tanggapan ng Karapatang Sibil ng Mag-aaral kaagad kung makaranas kayo ng anumang pagganti sa pagsasampa ng reklamo.

Karagdagan sa pagsampa ng reklamong ito, mayroon kayong karapatan na magsampa ng parehong reklamo sa isang nasa labas na ahensiya, tulad ng lokal na mga ahensiya na nagpapatupad ng batas, ang Tanggapan ng Superintendente ng Pampublikong Instruksiyon ng Estado ng Washington (OSPI) o ang Departamento ng Edukasyon ng U.S., Tanggapan ng Karapatang Sibil. Kung nakapagsampa na kayo ng parehong reklamo sa ibang tanggapan o korte, ang Distrito ay maaaring iliban ang kanyang imbestigasyon habang hinihintay ang kalalabasan ng naunang isinampang reklamo.

Ang paglalarawan ng proseso ng reklamo ay maaaring matagpuan dito sa online:

[https://www.seattleschools.org/UserFiles/Servers/Server_543/File/District/Departments/Office%20of%20Student%20Civil%20Right%20Discrimination%20Complaint%20Procedures%20\(Aug31%202015\).pdf](https://www.seattleschools.org/UserFiles/Servers/Server_543/File/District/Departments/Office%20of%20Student%20Civil%20Right%20Discrimination%20Complaint%20Procedures%20(Aug31%202015).pdf)

Ang buong pamamaraan ng reklamo sa diskriminasyon ay maaaring matagpuan dito sa online :

http://www.seattleschools.org/UserFiles/Servers/Server_543/File/District/Departments/School%20Board/Procedures/Series%203000/3210SP.B.pdf

PAGPATIBAY

Pinatitibayan ko na ang impormasyon at dokumentasyon na aking ibinigay tungkol sa reklamong ito ay totoo at tumpak sa aking buong kaalaman. Kinikilala ko na ang pagbibigay ng maling impormasyon o impormasyon na sa paniniwala ko ay mali sa pormularyo ng reklamong ito o sa panahon ng imbestigasyon ay maaring magsa-ilalim sa akin sa aksiyong pangdisiplina.

Nauunawaan ko na ang pagkakumpedensiyal ng reklamong ito ay hindi magagarantiyahan at upang imbestigahan ang reklamo, ang aking katauhan o ng aking anak/alaga ay maaaring kailangang maibunyag sa akusado at sa iba.

Lagda: _____ Petsa: _____

Ipadala sa Punong-guro o Email sa OSCR@seattleschools.org o **Dalhin ng personal sa** : Seattle Public Schools, 2445 3rd Ave. S, Seattle, WA 98134 o **Ipadala sa koreo** sa Tanggapan ng Karapatang Sibil ng Mag-aaral , MS 32-149; P.O. Box 34165, Seattle, WA 98124-1165.

-----**Para sulatan ng Kinatawan ng Distrito**-----

Name and Title: _____ Date: _____

Date provided to Office of Student Civil Rights: _____ Date received: _____

Date received by Office of Student Civil Rights: _____ by (method of delivery) _____

Assigned for investigation to _____ on _____

Signed: _____